

PARA SA AGARANG PAGLABAS

## **Kikilalanin ng Lungsod ang pinaka-unang Araw ng Paghanga sa mga Senior sa Brampton bilang bahagi ng pagdiriwang sa Buwan ng mga Senior sa Hunyo**

BRAMPTON, ON (Hunyo 16, 2020) – Noong Mayo 27, nagpasa ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ng isang panukala na kilalanin ang maraming kontribusyon ng mga senior sa Brampton sa pamamagitan ng isang itinalagang araw. Sa taon na ito, sa patnubay mula sa Konseho ng mga Senior Citizen sa Brampton, ang Hunyo 19 ay ipinroklama bilang Araw ng Pagpapasalamat sa mga Senior bilang bahagi ng mga pagdiriwang ng Buwan ng mga Senior sa Hunyo.

Ang isang espesyal na Tele Town Hall sa Araw ng Pagpapasalamat sa mga Senior ay idadaos sa Hunyo 19, mula 11 am hanggang tanghali. Ang programa ay magtatampok ng pambungad na mensahe mula kay Mayor Patrick Brown, isang pre-recorded na performance mula sa Brampton Concert Band, at isang pang-motibasyong presentasyon mula sa Paralympian at Kampeon ng Mundo na si Jeff Adams. Habang patuloy tayong naglalakbay sa mga hamon ng COVID-19 pandemic, ito ay isa ring pagkakataon para sa mga senior na magsalita kasama ang Peel Public Health at Rehiyonal na mga Konsehal na sina Pat Fortini at Gurpreet Dhillon, kapwa lider sa Task Force sa Suporta sa mga Senior sa COVID-19.

Para sumali sa panawagan, ang mga senior ay maaaring tumawag sa 311 para ipa-register ang kanilang numero ng telepono bago lumipas ang Huwebes, Hunyo 18. Magiging available online ang isang live audio stream.

### **Ang Hunyo ay ang Buwan ng mga Senior sa Brampton**

#### **Online na mga aktibidad para sa mga senior**

Ang hanay ng mga aktibidad na nilikha para sa mga senior ay makikita online, kabilang ang mga fitness video, mga sheet ng aktibidad, mga palaisipan, at mas marami pa sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

#### **Proyektong mosaik ng komunidad**

Hinihikayat ang mga senior na sumali sa makahulugang proyektong mosaik ng komunidad para ma-capture ang kung ano ang kahulugan ng “pagkakaibigan sa komunidad” sa kanila. Kapag na-register na, tatanggap ang mga kalahok ng art kit kabilang ang isang 4’ x 4’ na ceramic tile, isang set ng pintura na acrylic, at isang brush ng pintura. Isa man itong mensahe o ilustrasyon, maaaring i-highlight ng mga senior ang kanilang pag-intindi sa “pagkakaibigan” sa anumang paraan na piliin nila. Kokolektahin ng mga volunteer ng Lungsod ang mga tile at idi-display ang kumpletong mosaik sa lokasyong pampubliko sa Hulyo. Maaaring mag-register ang mga senior para makatanggap ng mga suplay sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o pag-email sa [covid19seniors@brampton.ca](mailto:covid19seniors@brampton.ca). Ang deadline sa pagpapa-register ay Hunyo 19. Makikita ang mga detalye sa [www.brampton.ca/recreation](http://www.brampton.ca/recreation).

**Seniors Café: Mga Call-in Chat**

Para malabanan ang pakiramdam na nabubukod bilang bunga ng mga paraan ng paglayo mula sa iba dahil sa COVID-19, ang mga senior ay maaari na ngayong kumonekta at makihalubilo sa ibang mga senior mula sa ginhawa ng kanilang sariling mga bahay. Sa pamamagitan ng programa sa telepono na pinapadali ng Lungsod ng Brampton, maaaring talakayin ng mga senior ang isang partikular na paksa, maglaro ng game o makibahagi sa pangkalahatang mga pag-uusap. Maaaring tumawag ang mga senior sa 905.874.3348 para itakda ang petsa at oras na kumbinyente sa kanila.

**Karagdagang suporta para sa mga senior sa panahon ng COVID-19**

Sa panahon ng COVID-19 pandemic, ang Task Force sa Suporta sa mga Senior sa COVID-19 ay sumusuporta sa mga senior na nangangailangan ng paghahatid ng grocery. Maaaring magsumite ang mga senior ng order na grocery sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o pag-email sa [covid19seniors@brampton.ca](mailto:covid19seniors@brampton.ca). Para sa mga walang payment card, ang Lungsod ang magbabayad para sa kanila sa pamamagitan ng mga partner nito na mga grocery. Ihahatid ng mga volunteer ang mga grocery sa pintuan ng residente, at ang invoice ng kanilang grocery ay ipapadala sa kanila para bayaran sa loob ng 30 araw.

Tumugon ang Task Force sa Suporta sa mga Senior sa higit sa 690 tanong at nakumpleto ang higit sa 200 paghahatid ng grocery at gamot sa mga senior sa Brampton bilang tugon sa COVID-19. Mga 1,600 care packages na may Personal Protective Equipment ang ipinamamahagi sa mga senior at higit sa 90 pangkat ng mga senior ang nakisali sa Brampton sa pamamagitan ng Komite na Nakakabuti sa Lahat ng Edad sa Lungsod.

Maaaring makipag-ugnayan ang mga senior sa Task Force sa Suporta sa mga Senior anumang oras sa pamamagitan ng pagtawag sa 311 o sa pamamagitan ng pag-email sa [covid19seniors@brampton.ca](mailto:covid19seniors@brampton.ca) para sa suporta sa mahirap na panahong ito.

**Background**

Patuloy na pinapasali ng Lungsod ng Brampton at pinaparangalan ang populasyon na naninirahan sa komunidad. Sa pamamagitan ng Istratehiya na Nakakabuti sa Lahat ng Edad, nakapokus ang Lungsod sa pagtuon sa natatanging mga pangangailangan ng mga residente sa lahat ng yugto ng buhay, sa pamamagitan ng pagbuo at pagdisenyo ng kumpleto, sustainable na mga komunidad. Ito ang ika-36 na taon na kinilala ng Probinsya ng Ontario ang Hunyo bilang Buwan ng mga Senior.

**Mga Quote**

“Binubuo ng mga senior ang halos 11 porsyento ng komunidad na may iba-iba at lumalaking mga miyembro, at ipinagmamalaki kong parangalan ang ating mga nakakatanda sa Hunyo na ito. Ang Brampton ang nangunguna sa pagiging palakaibigan sa lahat ng edad, at gumaganap ang mga senior ng mahalagang papel sa paghubog ng ating lungsod. Magpapatuloy ang Lungsod na tiyakin na mararamdaman ng ating mga senior na pinapahalagahan at sinasali, at mayroong mga suporta na kailangan nila para manatiling malusog. Hinihikayat ko ang lahat na gawin ang kanilang parte at parangalan ang mga senior sa buwan na ito kasama ang mga nasa isip na mga kaugalian na paglayo mula sa iba.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Ang mga senior ang ating pundasyon sa ating komunidad, at ginagawa natin ang mga hakbang para kilalanin at parangalan sila. Sa patnubay mula sa Konseho ng mga Senior Citizen sa Brampton, ipinagmamalaki kong sabihin na ang Konseho ng Lungsod ng Brampton ay magkaisang sumuporta sa

aking panukala na gumawa ng isang Araw ng mga Senior sa Buwan ng mga Senior. Sa itinalagang araw na ito, titiyakin natin na tumutuon tayo sa ating mga senior at kilalanin ang lahat ng nakamit nila sa Brampton at lampas pa.”

- *Martin Medeiros, Rehiyonal na Konsehal, Wards 3 at 4, Lungsod ng Brampton*

“Bawat taon, ang staff ng Lungsod ay nagpapalano ng mga aktibidad para ipagdiwang ang Buwan ng mga Senior sa Hunyo. Sa taon na ito, umaangkop ang Lungsod sa mga epekto ng COVID-19 sa pamamagitan ng paghahatid sa pagdiriwang online. Mula sa lahat ng call-in chat, hanggang sa mga aktibidad online, hanggang sa mga pag-instruksiyong fitness video, pinapalahok at kumukonekta tayo sa ating mga senior sa makasaysayang mga paraan sa buong buwan.”

- *David Barrick, Pinunong Administratibong Opisyal, Lungsod ng Brampton*

-30-

**Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 650,000 tao at 70,000 negosyo.** Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa [www.brampton.ca](http://www.brampton.ca).

**KONTAK NG MEDIA**

Monika Duggal  
Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad  
Strategic na Komunikasyon  
Lungsod ng Brampton  
905-874-3426 | [Monika.Duggal@brampton.ca](mailto:Monika.Duggal@brampton.ca)